American Cancer Society
Every cancer. Every life.®




# Mga Itatanong sa Iyong Health Care Team Tungkol sa Cancer sa Balat

Kung sa tingin mo ay maaaring mayroon kang cancer sa balat o nanganganib na magkaroon nito, maaaring mayroon kang maraming katanungan ngunit hindi sigurado kung paano itatanong ang mga ito. Narito ang mga tanong na maaaring gusto mong itanong sa iyong doktor o nurse. Ang lahat ng tanong na ito ay hindi naaangkop sa iyo, ngunit makakatulong ang mga ito para ikaw ay makapagsimula.

## Mga itatanong tungkol sa iyong panganib na magkaroon ng cancer sa balat

- Ano ang aking panganib na magkaroon ng cancer sa balat?
- Ano ang maaari kong gawin upang mabawasan ang panganib na ako ay magkaroon ng cancer sa balat?
- Anong sunscreen at iba pang mga produktong proteksyon sa araw ang iyong irerekomenda?
- Paano ko gagawin ang skin check (pagsusuri sa balat) sa bahay? Gaano kadalas ko ito dapat gawin?
- Ano ang dapat kong hanapin kapag ginagawa ko ang skin check?
- Ano ang dapat kong gawin kung may nakita akong bago o pagbabago sa aking balat?
- Gaano kadalas ko kailangang suriin ang aking balat?



## Mga itatanong kung ikaw ay na-diagnose na may cancer sa balat

- Bakit sa tingin mo ay may cancer ako sa balat?
- Maaari ba ninyong isulat ang uri ng cancer sa balat na mayroon ako?
- Kakailanganin ko ba ng iba pang mga pagsusuri?
- Kung gayon, sino ang magsasagawa ng mga pagsusuring ito? Saan gagawin ang mga ito?
- Paano at kailan ko makukuha ang mga resulta?
- Natuklasan ba natin ang cancer na ito nang maaga?
- Lumalim na ba sa balat o kumalat na ba ang cancer?
- Alam ba ninyo ang stage (yugto) at ang risgong grupo ng cancer?
- Kung hindi, paano at kailan ninyo malalaman ang stage at ang risgong grupo ng cancer?
- Ano ang kahulugan ng stage at risgong grupo para sa akin?
- Ano ang susunod na mangyayari?

## Mga itatanong kapag pinagpapasyahan ang paggamot

- Kailangan ko bang matingnan ng iba pang mga doktor?
- Anong paggamot sa tingin ninyo ang pinakamahusay para sa akin?
- Ano ang layunin ng paggamot na ito? Sa tingin ba ninyo ay magagamot nito ang cancer?
- Ano ang magiging hitsura ng paggamot? Saan ito isasagawa? Gaano katagal ang aabutin nito?
- Magkano ang magiging gastos sa aking paggamot? Sasaklawin ba ito ng aking insurance?
- Magiging OK ba ako kung aalisin nalang ang cancer nang wala nang iba pang paggamot?
- Anong mga side effect ang maaaring maranasan ko mula sa mga paggamot na ito?
- Magkakaroon ba ako ng pilat? Ano ang magiging hitsura nito?
- Mayroon bang klinikal tpagsusubok na maaaring tama para sa akin?
- Paano naman ang mga espesyal na bitamina o dyeta na sinasabi sa akin ng mga kaibigan ko? Paano ko malalaman kung ligtas ang mga ito?
- Gaano kaaga ko kakailanganing masimulan ang paggamot?
- Ano ang dapat kong gawin upang maging handa sa paggamot?
- Mayroon ba akong magagawa upang makatulong na mas mapagana ng mauti ang paggamot?
- Ano ang susunod na hakbang?

## Mga itatanong kapag natapos kana sa paggamot

- Ano ang mga tsansang babalik ang cancer sa balat? Ano ang gagawin namin kung mangyayari iyon?
- Ano ang aking mga tsansa na muling magkaroon ng cancer sa balat? Ano ang dapat kong pag-ingatan?
- Dapat ba akong partikular na mag-ingat upang maiwasan ang mahantad sa araw? Paano ko iyon gagawin?
- Nanganganib ba ang mga miyembro ng aking pamilya na magkaroon ng cancer sa balat? Ano ang dapat kong sabihin sa kanila?
- Gaano ako kadalas dapat magpasuri upang mag-ingat sa iba pang mga cancer sa balat?
- Kakailanganin ko ba ng iba pang mga follow-up na pagsusuri, at gaano kadalas ko kakailanganin ang mga ito?



Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org/skincancer** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**.

American Cancer Society®

cancer.org | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG081911 Rev. 12/24

BBB. ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity